

**SUUNTO ESSENTIAL**  
GABAY NG GUMAGAMIT


1 KALIGTASAN .....	5
2 Welcome .....	7
3 Panimula .....	8
4 Pagsisimula .....	9
5 Mga pangkalahatang setting .....	14
5.1 Pagpapalit ng mga unit .....	14
5.2 Pagpapalit ng pangkalahatang mga setting .....	15
5.2.1 Tunog ng button .....	15
5.2.2 Mga patnubay sa tunog .....	15
5.2.3 Backlight .....	16
5.2.4 Wika .....	16
5.2.5 Pag-activate ng lock ng button .....	17
6 Paggamit sa time na mode .....	18
6.1 Pagpapalit ng mga setting ng oras .....	19
6.1.1 Pagse-set ng oras .....	19
6.1.2 Pagse-set ng petsa .....	19
6.1.3 Pagse-set ng dalawahang oras .....	20
6.1.4 Pagse-set sa mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw .....	21
6.2 Paggamit sa stopwatch .....	22
6.3 Paggamit sa countdown timer .....	22
6.4 Pagse-set ng alarma .....	23
7 Paggamit sa mode na ALTI AT BARO .....	26
7.1 Paano gumagana ang Alti & Baro .....	26
7.1.1 Pagkuha ng mga tamang reading .....	27
7.1.2 Pagkuha ng mga hindi tamang reading .....	28
7.2 Pagse-set ng mga profile at mga reperensyang value .....	29
7.2.1 Pagtutugma ng profile sa aktibidad .....	29


7.2.2	Pagse-set ng mga profile .....	30
7.2.3	Pagse-set ng mga reperensyang value .....	30
7.3	Paggamit sa indicator ng lagay ng panahon .....	31
7.4	Pag-a-activate sa alarma ng bagyo .....	32
7.5	Paggamit sa profile na altimeter .....	33
7.5.1	Paggamit sa tagasukat ng pagkakaiba ng altitude .....	34
7.5.2	Pagrererekord ng mga log .....	35
7.6	Paggamit sa profile ng barometer .....	38
7.6.1	Pagrererekord sa mga log .....	39
7.7	Paggamit sa awtomatikong profile .....	40
7.8	Paggamit sa profile ng depth meter .....	41
7.8.1	Pagrererekord sa mga log sa profile na depth meter .....	42
8	Paggamit sa mode ng compass .....	44
8.1	Pagkuha ng mga tamang reading .....	44
8.1.1	Pagka-calibrate sa compass .....	44
8.1.2	Pagse-set sa sukat ng deklinasyon .....	46
8.2	Paggamit ng compass .....	48
8.2.1	Paggamit ng bearing tracking .....	49
9	Paggamit ng memory .....	51
9.1	Memory ng Alti-baro .....	51
9.2	Pag-tingin at pagla-lock ng mga log .....	51
9.2.1	Pagtingin ng mga log .....	52
9.2.2	Pagla-lock at pag-a-unlock ng mga log .....	53
9.3	Pagpili ng pagitan ng pagrererekord .....	53
10	Pag-iingat at suporta .....	55
10.1	Mga gabay sa paggamit .....	55


10.2	Pagpapalit ng baterya .....	56
10.3	Pagkuha ng suporta .....	59
11	Mga detalye .....	60
11.1	Mga icon .....	60
11.2	Teknikal na data .....	62
11.3	Warranty .....	63
11.4	CE .....	65
11.5	Abiso ng patent .....	65
11.6	Ang tatak-pangkalakal .....	66
11.7	Copyright .....	66
<b>Index</b>	.....	<b>67</b>

# 1 KALIGTASAN

## Mga uri ng mga pangkaligtasang pag-iingat:


 **BABALA:** - ay ginagamit kaugnay sa isang pamamaraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng malubhang pinsala o kamatayan.

 **MAG-INGAT:** - ay ginagamit kaugnay sa isang pamamaraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.

 **PAALALA:** - ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.

## Mga pangkaligtasang pag-iingat:

 **BABALA:** HUWAG GAMITIN PARA SA SCUBA DIVING.

 **BABALA:** MAAARING MAGKAROON NG MGA ALLERGY O IRITASYON SA BALAT KAPAG NAKADIKIT ANG PRODUKTO SA BALAT, KAHIT PA SUMUSUNOD ANG AMING MGA PRODUKTO SA MGA PAMANTAYAN NG INDUSTRIYA. SA NATURANG PANGYAYARI, AGARANG ITIGIL ANG PAGGAMIT AT KOMUNSULTA SA ISANG DOKTOR.

 **MAG-INGAT:** HUWAG ILALANTAD SA MABIBILIS NA PAGBABAGO NG TEMPERATURA.

 **MAG-INGAT:** HUWAG MALALAGYAN NG KAHIT ANONG URI NG SOLVENT.

 **MAG-INGAT:** HUWAG PAHIRAN NG PANLABAN SA INSEKTO.

 **MAG-INGAT:** ITURING NA BASURANG ELEKTRONIKO.

 **MAG-INGAT:** HUWAG TUTUKTUKIN O IBABAGSAK.

## 2 WELCOME

*"Sa halos 80 taon na, nakapaghatid na ang Suunto ng tumpak, maaasahang impormasyon sa mga taong nangangailangan nito. Binibigyang kakayahan ng aming mga instrumento ang mga gumagamit na maabot nang mas epektibo ang kanilang mga mithiin at masulit ang kanilang karanasan sa sports. Ang aming mga produkto ay kadalasang napakakritikal sa gumagamit. Kung kaya kami sa Suunto ay nagmamalaki sa pagpapanatili ng mga pinakamataas na pamantayan ng kalidad para sa aming mga produkto.*

Ang Suunto, itinatag noong 1936, ay nangunguna sa mundo sa mga precision compass, dive computer at mga wristop altimeter. Pinagkakatiwalaan ng mga umaakyat, sumisisid at mga mananaliksik sa lahat ng kontinente, naghahatid ng mga maalamat na disenyo, katumpakan at pagkamaasahan ang mga instrumento ng Suunto Outdoor. Noong 1987, ang Suunto ang nagpasimula sa unang dive computer, na sinundan ng unang Altimeter-Barometer-Compass na relo noong 1988. Ang Suunto ay nananatiling ang nangungunang opsyon para sa mga outdoor professional sa ngayon. Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa mga produkto ng Suunto at ang mga taong gumagamit ng mga ito, bisitahin ang [www.suunto.com](http://www.suunto.com).

### 3 PANIMULA

Suunto Essential pinagsama-sama ang isang altimeter, barometer at isang elektronikong compass sa isang pakete. Mayroon din itong mga function ng orasan, stopwatch at kalendaryo.

Ipinapaliwanag ng Gabay ng Gumagamit na ito ang mga feature, kung papaano gumagana ang mga iyon, at kung papaanong ma-access ang mga iyon. Bilang karagdagan, isinama namin ang mga halimbawa kung papaano mong magagamit ang mga iyon sa totoong mga sitwasyon ng buhay.

Ipinapaliwanag ng bawat main chapter ang isang mode at mga view nito. Bibigyan ka rin nito ng impormasyon sa kung papaanong i-set at gamitin ang mga view na ito.


Suunto Essential binibigyan ka ng mga reading na nasa oras, barometric pressure at altitude. Ibinibigay ang karagdagang impormasyon sa bawat reading upang masulit mo ang mga paborito mong aktibidad sa labas ng bahay.




## 4 PAGSISIMULA

### Mga pangunahing setting

Pumindot ng anumang button at maa-active ang iyong Suunto Essential. Pagkatapos ay hihilingan ka na i-set ang wika, mga unit (imperial o metric), oras at petsa. Gamitin ang kanang itaas na [+] button at kanang ibabang [- Light] button upang baguhin ang mga setting. Tanggapin at lumipat sa susunod na item ng menu sa pamamagitan ng pagdiin sa gitnang kanang button na [Mode]. Palagi kang makababalik sa naunang item ng menu sa pamamagitan ng pagpindot sa gawing ibabang kaliwa ng button ng [View]. Kapag naka-set na ang mga setting gaya nang gusto mo, maaari mong simulang gamitin ang mga pangunahing feature ng oras ng iyong Suunto Essential.




 **PAALALA:** Kailangan mong i-set ang altimeter, barometer at compass upang makakuha ng mga tamang reading. Mangyaring sumangguni sa Gabay ng Gumagamit para sa detalyadong impormasyon sa wastong pag-set sa mga ito.

### Mga mode

Mayroong tatlong mode ang iyong Suunto Essential: **TIME**, **ALTI & BARO** at **COMPASS**. Ipinapaliwanag nang nakadetalye ang mga mode na ito sa Gabay ng Gumagamit. Ang pinaganang mode ay ipinapahiwatig ng isang parihabang nakapalibot sa pangalan ng mode. Lumipat ka sa pagitan ng mga pangunahing mode gamit ang gitnang kanang button na [Mode]. Subukan ito!

**TIME** ALTI & BARO COMPASS      TIME **ALTI & BARO** COMPASS      TIME ALTI & BARO **COMPASS**




## Mga view

Ang bawat mode ay may isang set ng mga view na maaari mong ma-access gamit ang gawing ibabang kaliwa ng button ng [View]. Ipinapakita ang mga view sa gawing ibabang bahagi ng display. Naglalaman ang mga view ng karagdagang impormasyon tungkol sa pinaganang mode, bilang halimbawa, pagtingin sa mga segundo bilang karagdagang impormasyon sa mode ng **TIME**. Interactive rin ang ilang view.

Suunto Essential May apat na interactive na view ang:


- Stopwatch (**TIME** mode)
- Countdown timer (**TIME** mode)
- Pangrekord ng log (**ALTI & BARO** mode)
- Pansukat ng pagkakaiba sa altitude na (**ALTI & BARO** mode)

Kapag pinagana ang mga interactive na view, maaari mong simulan, itigil at muling simulan ang mga iyon gamit ang gawing itaas na kaliwang button ng [Start Stop] at i-reset ang mga iyon sa pamamagitan ng pagdiin sa gawing ibabang kanang button ng [+]. Ipasok ang stopwatch sa mode na **TIME** at subukan ito!



## Menu

Sa **MENU** maaari kang magpalit ng mga value, palitan ang mga pangkalahatang setting at unit, o tingnan ang mga log na nakaimbak sa logbook. Upang pumasok sa **MENU**, panatiliing nakapindot nang matagal ang button na [Mode] habang nasa **TIME, ALTI & BARO** o **COMPASS** mode. Ang mga segment na nasa panggilid na bahagi ng display ay nagpapahiwatig ang oras ng iyong pagbabago. Lumabas mula sa **MENU** sa pamamagitan ng pagpindot sa kanang-itaas na button na [Start Stop]. Kailanman na may opsyon sa paglabas na makikita sa **MENU**, ito ay makikita nang may "X" sa screen na katabi ng button na [Start Stop]. Masanay sa pagpasok at paglabas sa **MENU**!




## Backlight

Maaari mong itigil ang alarma ng bagyo sa pamamagitan ng pagpindot sa kaliwang ibabang [- Light] button. Awtomatikong nag-o-off ang backlight makalipas ang 5 segundo. Kung gusto mong makita ang backlight kapag ikaw ay nasa **MENU**, kailangan mo itong i-activate sa **TIME**, **ALTI & BARO** o sa **COMPASS** mode bago pumasok sa **MENU**. Babalik sa normal na mode ang backlight kapag bumalik ka sa isang mode.

## Button lock

Maaari mong i-active at i-deactivate ang lock ng button sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [-Light] .

 **PAALALA:** Maaari kang magpalit ng mga view at gamitin ang backlight kapag naka-activate ang button lock.

## Pagpapalit ng mga value

Upang magpalit ng setting, kailangang nasa **MENU** ka. Upang pumasok sa **MENU**, panatiliing ang kanang-gitnang button na [Mode] na nakapindot nang matagal sa **TIME**, **ALTI&BARO** o **COMPASS** mode. Ang anumang pagbabago na gagawin mo sa

**MENU** ay agad na magkakaroon ng epekto. Bilang halimbawa, kung magpapasok ka ng TIME-DATE sa **MENU** at papalitan ang oras mula 12:30 sa 11:30 at lalabas. Mase-set ang oras sa 11:30.

## 5 MGA PANGKALAHATANG SETTING

Bago mo simulang gamitin ang iyong Suunto Essential, magandang ideya na i-set ang mga unit ng panukat at mga pangkalahatang setting ayon sa iyong mga kagustuhan. Ang mga karaniwang setting ay nababago sa **MENU**.

### 5.1 Pagpapalit ng mga unit

Sa **UNITS** pipiliin mo ang mga unit ng sukatan, kabilang ang:

- **TIME** : 24h/12h
- **DATE**: dd.mm/mm.dd
- **TEMPERATURE** : °C/°F (Celsius/Fahrenheit)
- **AIR PRESSURE**: hPa/inHg
- **ALTITUDE**: meters/feet

Upang makapasok sa **UNITS** sa **MENU**:

1. Pumasok sa **MENU** sa pamamagitan ng pagpindo nang matagal sa [Mode] sa **TIME**, **ALTI & BARO** o **COMPASS** mode.
2. Mag-scroll pababa sa **UNITS** gamit ang [- Light].
3. Pumasok gamit ang [Mode].

Upang magpalit ng mga unit:

1. Sa **UNITS**, mag-scroll sa pagitan ng mga nakalistang item gamit ang [+] at ang [- Light].
2. Pumasok gamit ang [Mode].
3. Baguhin ang mga value gamit ang [+] at [- Light], tanggapin gamit ang [Mode].
4. Lumabas mula sa **MENU** gamit ang [Start Stop].

## 5.2 Pagpapalit ng pangkalahatang mga setting

Sa **GENERAL** ise-set mo ang mga karaniwang setting, kabilang ang:

- **BUTTON TONE:** i-on/i-off
- **TONE GUIDE:** i-on/i-off
- **BACKLIGHT:** button ng ilaw/alinmang button
- **LANGUAGE:** English, French, Spanish, German

Upang makapasok sa **GENERAL** sa **MENU**:

1. Pumasok sa **MENU** sa pamamagitan ng pagpindo nang matagal sa [Mode] sa **TIME** , **ALTI & BARO** o **COMPASS** mode.
2. Mag-scroll pababa sa **GENERAL** gamit ang [- Light].
3. Pumasok gamit ang [Mode].

### 5.2.1 Tunog ng button

Sa **BUTTON TONE** io-off o io-on mo ang tunog ng button. Inilalabas ang button tone sa tuwing dinidiinan ang isang button, na kumukumpirma sa isang aksyon.

1. Sa **GENERAL**, piliin ang **BUTTON TONE**.
2. I-on o i-off ang button tone gamit ang [+] at [- Light].

### 5.2.2 Mga patnubay sa tunog

Sa **TONE GUIDE** io-off o io-on mo ang mga patnubay sa tunog.

Maririnig mo ang mga patnubay sa tunog kapag:

- Nagpalit ka ng value ng setting
- Nag-set ka ng reperensyang value ng altitude
- Sinimulan o itinigil mo ang pangrekord ng log
- Nagmarka ka ng punto ng altitude habang nagrerekord ka ng mga log

- Sinimulan o itinigil mo ang stopwatch
- Magpapalipat-lipat ang device sa pagitan ng **ALTIMETER** at **BAROMETER** profile kapag ginagamit mo ang **AUTOMATIC** profile.

Upang i-on o i-off ang mga patnubay sa tunog.

1. Sa **GENERAL**, piliin ang **TONE GUIDES**.
2. I-on o i-off ang patnubay sa tunog gamit ang [+] at [- Light].

### 5.2.3 Backlight

Sa **BACKLIGHT** nagpapalipat-lipat ka sa pagitan ng dalawang feature ng ilaw: kahit anong button at button ng ilaw.

Upang i-set ang backlight sa normal o panggaging paggamit:

1. Sa **GENERAL**, piliin ang **BACKLIGHT**.
2. I-switch ang backlight sa pagitan ng **LIGHT BUTTON** at **ANY BUTTON** gamit ang [+] at [- Light].

Kapag napili na ang **LIGHT BUTTON**, maa-activate mo ang backlight gamit ang [- Light]. Awtomatikong ino-off ang backlight makalipas ang 5 segundo. Kung gusto mong makita ang backlight kapag nasa **MENU** ka, kailangan mo itong i-activate sa **TIME, ALTI & BARO** o sa **COMPASS** mode bago pumasok sa **MENU**. Pagkatapos ay maa-activate ang backlight hanggang sa lumabas ka sa **MENU**.

Kapag napili na ang **ANY BUTTON**, ina-activate ang backlight sa tuwing pipindot ka ng button.

### 5.2.4 Wika


Sa **LANGUAGE** piliin mo ang wika ng user interface ng iyong **LANGUAGE** (English, German, French o Spanish).




Upang pumili ng wika:

1. Sa **GENERAL**, piliin ang **LANGUAGE**.
2. Pumili ng wika mula sa listahan gamit ang [+] at [- Light].

### **5.2.5 Pag-activate ng lock ng button**


Maaari mong i-active at i-deactivate ang button lock sa pamamagitan ng pagpindot ng matagal sa [-Light]. Kapag naka-activate ang button lock, ipinapahiwatig ito ng simbolo ng lock .

 **PAALALA:** *Maaari kang magpalit ng mga view at gamitin ang backlight kapag naka-activate ang button lock.*

## 6 PAGGAMIT SA TIME NA MODE


Ang mode na **TIME** ang nangangasiwa sa pagsusukat ng oras.

**TIME** ALTI & BARO COMPASS



Sa pamamagitan ng [View] maaari kang mag-scroll sa mga view ng sumusunod:

- Petsa: kasalukuyang araw ng linggo at petsa
- Segundo: mga segundo bilang mga numero
- Dalawahang oras: oras sa isa pang time zone
- Pagsikat at paglubog ng araw: oras ng pagsikat at paglubog ng araw sa isang partikular na lokasyon
- Stopwatch: sport timer
- Countdown timer: tutunog ang alarma pagkatapos ng naka-set na tagal
- Walang laman: walang karagdagang view

 **PAALALA:** Nag-o-off ang view ng mga segundo na nasa gawing ibabang panel ng screen pagkatapos ng 2 oras na walang pagkilos upang makatipid sa baterya. I-activate sa pamamagitan ng muling pagpasok sa view.

## 6.1 Pagpapalit ng mga setting ng oras

Babaguhin mo ang mga setting ng oras sa **MENU**.

Upang ilagay ang mga setting ng oras sa **MENU**:

1. Pumasok sa **MENU** sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [Mode].
2. Mag-scroll pababa sa **TIME-DATE** gamit ang [- Light].
3. Pumasok gamit ang [Mode].

### 6.1.1 Pagse-set ng oras

Sa **TIME** ikaw ang magse-set ng oras.

Para i-set ang oras:

1. Sa **TIME-DATE**, piliin ang **TIME**.
2. Palitan ang mga value ng oras, minuto at segundo gamit ang [+] at [- Light].

### 6.1.2 Pagse-set ng petsa

Sa **DATE** ikaw ang nagse-set ng buwan, araw at taon.

Para i-set ang petsa:

1. Sa **TIME-DATE**, piliin ang **DATE**.

2. Palitan ang mga value ng oras, buwan at araw gamit ang [+] at [- Light].


Upang baguhin ang format ng kung paano idini-display ang oras, tingnan ang *5.1 Pagpapalit ng mga unit*.

### 6.1.3 Pagseset ng dalawahang oras

Sa **DUAL TIME** maaari mong i-set ang oras para sa isang lokasyon sa magkaibang time zone.

Upang i-set ang dalawahang oras:

1. Sa **TIME-DATE**, piliin ang **DUAL TIME**.
2. Palitan ang mga value ng oras, minuto at segundo gamit ang [+] at [- Light].

 **PAALALA:** *Inirerekomenda namin na i-set mo ang kasalukuyang oras sa iyong kasalukuyang lokasyon bilang pangunahing oras dahil tumutunog ang alarm clock ayon sa pangunahing oras.*

**Possible real life situation: Pag-alam sa oras sa sariling bansa**


*Naglalakbay ka sa labas ng bansa at nai-set mo ang dalawahang oras na magiging oras sa sariling bayan. Ang pangunahing oras ay ang oras sa iyong kasalukuyang lokasyon. Ngayon, palagi mong malalaman ang lokal na oras at mabilis mong malalaman kung anong oras na sa sariling bansa.*

## 6.1.4 Pagse-set sa mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw

Sa **SUNRISE** pumipili ka ng reperensyang lungsod na ginagamit ng iyong Suunto Essential upang maibigay sa iyo ang mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw.

Upang i-set ang mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw:

1. Sa **MENU**, piliin ang **SUNRISE**.
2. Mag-scroll sa mga lokasyon gamit ang [+] at [-Light].
3. Pumili ng lokasyon gamit ang [Mode].

 **PAALALA:** *Kung gusto mong i-set ang mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw para sa isang lokasyon na hindi nakalista sa iyong device, pumili ng isa pang reperensyang lungsod mula sa parehong time zone. Piliin ang pinakamalapit na lungsod sa hilaga o timog mula sa iyong lokasyon.*

**Possible real life situation: Pagha-hike sa malapit sa Toronto**

*Nagha-hike ka sa Algonquin, isang napakalaking pambansang parke sa hilaga ng Toronto. Gusto mong malaman kung kailan lulubog ang araw, upang malaman mo kung kailan sisimulang itayo ang iyong tent para sa gabi. Pinili mo ang "Toronto" bilang iyong reperensyang lungsod para sa pagsikat at paglubog ng araw. Sasabihin na sa iyo ng iyong Suunto Essential kung kailan lulubog ang araw.*

## 6.2 Paggamit sa stopwatch

Sinusukat ng stopwatch ang oras. Ang resolution nito ay 0.1 segundo.

Upang gamitin ang stopwatch:

1. Sa mode ng **TIME**, piliin ang view stopwatch.
2. Pasimulan, ihinto at muling simulan ang stopwatch gamit ang [Start Stop].
3. Panatihing nakapindot ang [+] upang i-reset ang stopwatch.

**Possible real life situation: Pag-o-oras sa 100m dash**

*Nagsasanay ang iyong kaibigan para sa isang kumpetisyon sa pagtakbo, at kailangang malaman kung gaanong katagal ang kailangan niya upang takbuhin ang 100 m dash. Sisimulan mo ang stopwatch sa sandaling makawala siya sa mga block. Ititigil mo ang stopwatch sa sandaling makatawid siya sa finish line. Ang resulta: 11.3 segundo Magaling!*

## 6.3 Paggamit sa countdown timer

Sa **COUNTDOWN** maaari mong i-set ang countdown timer na mag-count down mula sa isang naka-preset na oras hanggang zero. Magpapatunog ito ng alarma kapag naabot na ang zero. Ang default ay 5 minuto.

Upang baguhin ang default na oras ng countdown:

1. Sa **MENU**, piliin ang **TIME-DATE**.
2. Piliin ang **COUNTDOWN**.

3. I-set ang mga minuto at segundo ng timer (pinakamahaba ang 99 na minuto at 59 na segundo)
4. Tanggapin gamit ang [Mode].

Upang simulang mag-count down:

1. Sa mode na **TIME**, piliin ang view na countdown timer.
2. Pasimulan, ihinto at muling simulan ito gamit ang [Start Stop].
3. Panatiing nakapindot ang [+] upang i-reset ang timer.

### **Possible real life situation: Pagpapakulo ng itlog**

*Ikaw ay nagha-hike sa isang ekspedisyon. Umaga na. Gumising ka, lumabas sa iyong tent, at nagsimulang maghanda ng almusal sa iyong campfire. Sa pagkakataong ito, gusto mo ng mga itlog na niluto saloob ng 8-minuto. Ise-set mo ang countdown timer sa 8 minuto habang nakalagay ang iyong mga itlog sa pakuluan at maghintay na kumulo ang tubig. Kapag kumukulo na ang tubig, gamitin mo ang countdown timer. Sa puntong walong minuto, patutunugin ng iyong Suunto Essential ang alarma. Presto! Perpektong 8-minuto ang pagkagaluto ng mga itlog.*

## **6.4 Pagse-set ng alarma**

Maaari mong gamitin ang iyong Suunto Essential bilang isang alarm clock.

Para puntahan ang alarm clock at i-set ang alarma:

1. Sa **MENU**, piliin ang **TIME-DATE**.
2. Piliin ang **ALARM**.
3. I-on o i-off ang alarma ng gamit ang [ ] at [- Light].


4. Tanggapin gamit ang [Mode].
5. Gamitin ang [+] at ang [- Light] upang itakda ang mga oras at minuto.

Kapag naka-on ang switch, ang simbolo ng alarma 📢 ay lilitaw sa display.

Kapag tumunog ang alarma, maaari mong alinman sa i-snooze o i-off ang alarma.

Kung pipiliin mo ang **YES** o walang gagawin, titigil ang alarma at magsisimulang muli kada 5 minuto hanggang sa itigil mo ito. Maaari kang mag-snooze nang hanggang 12 beses para sa kabuuang 1 oras. Kung pipiliin mo ang **NO**, titigil ang alarma at magsisimulang muli sa parehong oras sa kinabukasan.




 **TIP:** Kapag naka-on ang snooze, maaari mong i-deactivate ito sa **TIME** mode sa pamamagitan ng pananatiling nakapindot sa [View].

#### **Possible real life situation: Paggising sa umaga**

*Gusto mong gumising nang maaga kinabukasan. I-set ang alarma ng iyong Suunto Essential sa 6:30 bago ka matulog. Gigisingin ka ng*




*alarma nang 6:30 sa susunod na umaga ngunit gusto mo pang matulong nang 5 minuto pa. Piliin mo ang **YES** kapag tinanong ka ng device kung gusto mong i-snooze. Pagkatapos ng 5 minuto tutunog muli ang alarma. Sa oras na ito tatayo ka na at masayang magsisimulang maghanda para sa iyong biyahe. Anong kabutiha na magagawa ng limang minuto!*

 **PAALALA:** Kumukurap ang simbolo ng alarma kapag naka-activate ang snooze. Kapag naka-deactivate ang snooze, titigil sa pagkurap ang simbolo ng alarma.


## 7 PAGGAMIT SA MODE NA ALTI AT BARO

Sa mode na **ALTI & BARO** maaari mong tingnan ang kasalukuyang altitude, barometric pressure o snorkeling depth. Nag-aalok ito ng apat na profile: **AUTOMATIC**, **ALTIMETER**, **BAROMETER** at **DEPTH METER** (tingnan ang *7.2.2 Pagse-set ng mga profile*). Maaaring mong ma-access ang iba't ibang mga view depende sa kung aling profile ang naka-activate kapag nasa **ALTI & BARO** mode ka.


TIME **ALTI & BARO** COMPASS



TIME **ALTI & BARO** COMPASS



TIME **ALTI & BARO** COMPASS



### 7.1 Paano gumagana ang Alti & Baro

Upang makuha ang mga tamang reading sa **ALTI & BARO**, mahalagang maunawaan kung paano kinakalkula ng Suunto Essential ang altitude at air pressure sa sea level.

Suunto Essential ay palagiang sumusukat ng eksaktong air pressure. Batay sa sukat na ito at mga reperensyang numero, kinakalkula nito ang altitude o air pressure sa sea level.

**⚠ MAG-INGAT:** *Panatilihing walang dumi at buhangin sa paligid ng sensor. Huwag kailanman magpasok ng anumang bagay sa mga butas ng sensor.*

### **7.1.1 Pagkuha ng mga tamang reading**

Kung abala ka sa aktibidad sa labas ng bahay na kinakailangan mong malaman ang air pressure, kailangan mong ipasok ang reperensyang value ng altitude para sa iyong lokasyon. Matatagpuan ito sa karamihan sa mga topographic na mapa. Ibibigay na sa iyo ng iyong Suunto Essential ang mga tamang reading.

Upang makuha ang mga tamang reading ng altitude, kailangan mong ipasok ang reperensyang value ng air pressure sa sea level. Ang reperensyang value ng air pressure sa sea level na kaugnay sa iyong lokasyon ay maaaring matagpuan sa seksyon ng lagay ng panahon ng lokal na pahayagan o sa mga website ng pambansang mga serbisyo sa lagay ng panahon.

### **Palagiang sinusukat ang eksaktong air pressure**

*Ganap na air pressure + reperensya ng altitude = Air pressure sa sea level*

*Ganap na air pressure + reperensya ng air pressure sa sea level = Altitude*

Ang mga pagbabago sa mga kondisyon ng lokal na lagay ng panahon ay makakaapekto sa mga reading ng altitude. Kung madalas magbago ang lokal na lagay ng panahon, ipinapayong i-

reset nang madalas ang kasalukuyang reperensyang altitude, mas mainam na bago pa man simulan ang iyong paglakbay kapag available na ang mga reperensyang value. Kung panatag ang lokal na lagay ng panahon, hindi mo kailangang i-set ang mga reperensyang value.

### 7.1.2 Pagkuha ng mga hindi tamang reading

#### **ALTIMETER profile + hindi gumagalaw + pagbabago sa lagay ng panahon**

Kung naka-on ang profile ng iyong **ALTIMETER** sa pinahabang tagal ng panahon na ang device ay nasa naka-fix na lokasyon habang nagbabago ang lokal na lagay ng panahon, magbibigay ang device ng mga hindi tamang reading ng altitude.

#### **ALTIMETER profile + gumagalaw na altitude + pagbabago sa lagay ng panahon**

Kung naka-on ang profile ng iyong **ALTIMETER** at madalas magbago ang lagay ng panahon habang paakyat ka sa altitude o pababa sa altitude, bibigyan ka ng device ng mga hindi tamang reading.

#### **BAROMETER profile + gumagalaw na altitude**

Kung naka-on ang profile ng **BAROMETER** sa pinahabang tagal ng panahon habang umaakyat ka sa altitude o bumababa sa altitude, ipinapalagay ng device na hindi ka gumagalaw at pinapakahulugan ang iyong mga pagbabago sa altitude bilang mga pagbabago sa air

pressure sa sea level. Kung gayon, bibigyan ka nito ng hindi tamang mga reading ng air pressure sa sea level.

### **Possible real life situation: Pagse-set sa reperensyang value ng altitude**

*Nasa pangalawang araw ka ng iyong dalawang araw na hike. Naalala mo na hindi ka nakalipat mula sa **BAROMETER** profile tungo sa **ALTIMETER** profile noong nagsimula ka sa iyong aktibidad noong umaga. Alam mo na mali ang kasalukuyang reading ng altitude ng iyong Suunto Essential. Kaya, nag-hike ka sa pinakamalapit na lokasyong ipinapakita sa iyong topographic na mapa kung saan ibinibigay ang reperensyang value ng altitude. Itinama mo nang naaayon ang reperensyang value ng altitude ng iyong Suunto Essential. Tama nang muli ang mga reading ng iyong altitude.*

## **7.2 Pagse-set ng mga profile at mga reperensyang value**

### **7.2.1 Pagtutugma ng profile sa aktibidad**

Dapat piliin ang profile na **ALTIMETER** kung kasama ang mga pagbabago sa altitude sa iyong panlabas na aktibidad (hal. pag-akyat sa maburool na landas). Dapat piliin ang profile na **BAROMETER** kung walang kasamang pagbabago sa altitude ang iyong panlabas na aktibidad (hal. surfing, sailing). Upang makuha ang mga tamang reading, kailangang mong itugma ang profile sa aktibidad. Maaari mong alinman sa hayaang pagpasyahan ng

Suunto Essential kung aling profile ang pinakaakma para sa iyo sa ngayon, o maaaring ikaw mismo ang mamili ng akhang profile.

### 7.2.2 Pagseset ng mga profile

Upang i-set ang profile:


1. Sa **MENU**, piliin ang **ALTI-BARO**.
2. Piliin ang **PROFILE**.
3. Pumili ng akhang profile.

O di kaya, maaari mong i-set ang profile sa **ALTI & BARO** mode sa pamamagitan ng pagpindot sa [View] nang matagal.

### 7.2.3 Pagseset ng mga reperensyang value

Upang i-set ang reperensyang value:

1. Sa **MENU**, piliin ang **ALTI-BARO**.
2. Piliin ang **REFERENCE** at pumili mula sa **ALTIMETER** at **SEA LEVEL**.
3. I-set ang nalalamang reperensyang value gamit ang [+] at [-Light].




Possible real life situation: Pagtama sa value ng iyong altitude

*Nagha-hike ka at nagpahinga nang makakita ka ng karatula kung saan nakalagay ang kasalukuyang altitude. Tiningnan mo ang reading ng altitude ng iyong Suunto Essential at natuklasan ang maliit na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang numero. I-set mo ang reperensyang value ng altitude sa iyong Suunto Essential upang tumugma sa karatulang iyon.*

### 7.3 Paggamit sa indicator ng lagay ng panahon

Nakalagay ang indicator ng lagay ng panahon sa gawing itaas na bahagi ng display. Ito ay ipinapakita sa mga mode na **TIME** at **ALTI & BARO**, na nagbibigay sa iyo ng mabilis na reperensya upang malaman ang paparating na lagay ng panahon. Ang indicator ng lagay ng panahon ay binubuo ng dalawang linyang nag-aanyong arrow. Ang bawat linya ay nangangahulugang 3-oras na panahon. Ang kanang linya ay nangangahulugang huling 3 oras. Ang kaliwang linya ay nangangahulugang 3 oras bago ang huling 3 oras. Kaya ang linya ay maaaring magpahiwatig ng 9 na iba't ibang pattern sa lagay ng barometer.



Sitwasyon sa nakalipas na  
3-6 na oras



Matinding bumaba (>2  
hPa/3hours)



Nananatiling panatag



Matinding tumaas (>2 hPa/  
3hours)

Sitwasyon sa huling 3 oras

Matinding bumababa (>2  
hPa/3hours)

Matinding tumataas (>2 hPa/  
3hours)

Matinding tumataas (>2 hPa/  
3hours)



***TIP:** Kung ipinapakita ng indicator ng daloy ng lagay ng panahon na palaging tumataas ang air pressure, may mas mataas na posibilidad na paparating ang maaraw na lagay ng panahon. Muli, kung ang air pressure ay palaging bumababa, may mas mataas na posibilidad ng maulan na lagay ng panahon.*

## 7.4 Pag-a-activate sa alarma ng bagyo


Ipinapaalam sa iyo ng alarma ng bagyo na ang pagbagsak sa pressure na 4 hPa / 0.12 inHg o mas mataas ay naganap sa loob ng 3 oras na yugto ng panahon. Suunto Essential ay mag-a-activate ng alarma at magfa-flash ng simbolo ng alarma sa display sa loob ng 20 segundo. Gagagana lang ang alarma ng bagyo kapag na-activate mo ang **BAROMETER** profile sa **ALTI & BARO** mode.

Upang i-activate ang alarma ng bagyo:

1. Sa **MENU**, piliin ang **ALTI-BARO**.
2. Piliin ang **STORM ALARM**.



3. I-on o i-off ang alarma ng bagyo gamit ang [+] at [- Light].

 **TIP:** *Maaari mong itigil ang alarma ng bagyo sa pamamagitan ng pagpindot sa alinmang button.*

**Possible real life situation: Nabibigla sa isang bagyo habang nagha-hike**

*Nagha-hike ka sa isang masukal na gubat nang in-activate ng Suunto Essential ang alarma ng bagyo. Lumala na ang lagay ng panahon sa nakaraang 3 oras - dumidilim na ang kalangitan. Mabuti na lamang at nabalaan ka ng iyong Suunto Essential, dahil kailangan mong maghanap ng masisilungan para sa malakas na ulan na maaaring bumagsak sa loob lang ng ilang sandali.*

## 7.5 Paggamit sa profile na altimeter


Kinakalkula ng **ALTIMETER** profile ang altitude batay sa mga reperensyang value. Ang mga reperensyang value ay maaaring alinman sa air pressure sa sea level o isang naunang punto ng reperensyang value ng altitude. Kapag ang **ALTIMETER** profile ay naka-activate, ang salitang **ALTI** ay nakasalungguhit sa display.

Kapag naka-activate ang **ALTIMETER** profile, maa-access mo ang mga sumusunod na view gamit ang [View]:

- Pangrekord ng log: nirerekord ang mga pagbabago sa altitude sa mga log.
- sinusukat ang pagkakaiba ng altitude mula sa isang naka-set na punto
- Temperatura: sinusukat ang kasalukuyang temperatura

- Walang laman: walang karagdagang impormasyon

TIME **ALTI & BARO** COMPASS



### 7.5.1 Paggamit sa tagasukat ng pagkakaiba ng altitude

Ipinapakita ng tagasukat ng pagkakaiba ng altitude ang pagkakaiba sa altitude sa pagitan ng isang naka-set na punto at ang iyong kasalukuyang posisyon. Ang feature na ito ay espesyal na nagagamit para sa pag-akyat sa bundok, halimbawa kapag gusto mong subaybayan ang iyong pagsulong may kinalaman sa pagtaas ng altitude.

Upang gamitin ang tagasukat ng pagkakaiba ng altitude:

1. Sa mode ng **ALTI & BARO**, piliin ang view ng tagasukat ng pagkakaiba ng altitude.
2. Pasimulan, ihinto at muling simulan ito gamit ang [Start Stop].
3. Pindutin nang matagal ang [+] para mag-reset.

**Possible real life situation: Pagsukat ng iyong pag-akyat**

*Magsisimula ka nang umakyat ng bundok na 3, 280 feet (1000 m) ang taas. Gusto mong malaman ang iyong pagsulong habang umaakyat ka, kaya in-activate mo ang tagasukat ng pagkakaiba ng altitude sa iyong Suunto Essential. Nagsimula kang umakyat, paminsan-minsan mong tinitingnan ang iyong altitude upang malaman kung gaano ka kalayo sa susunod na check point. Sa ilang punto, nagsimula kang mapagod. Tiningnan mo ang iyong altitude, at nalamang mahaba pa ang iyong aakyatin. Maaaring kailangan mong muling pag-isipan ang iyong susunod na check point.*

## **7.5.2 Pagrerekord ng mga log**

Iniiimbak ng pangrerekord ng log ang lahat ng pagkilos sa altitude sa pagitan ng mga oras ng simula at pagtigil. Kung ikaw ay nasa isang aktibidad kung saan nagbabago ang iyong altitude, maaari mong irekord ang mga pagbabago sa altitude at tingnan ang nakaimbak na impormasyon sa ibang pagkakataon.

Maaari mo rin i-set ang mga marka ng altitude (mga lap), na pinapahintulutan kang tingnan ang haba at ang taas ng pag-akyat/pagbaba sa pagitan ng iyong dating marka at kasalukuyang marka. Iniimbak ang iyong mga marka sa memory at maaari mong i-access ang mga iyon sa ibang pagkakataon.

Upang magrerekord ng log:

1. Sa mode na **ALTI & BARO**, piliin ang view na pangrerekord ng log.
2. Pasimulan, ihinto at muling simulan ito gamit ang [Start Stop].
3. Kapag nagrerekord ka ng log, i-set ang mga lap gamit ang [+].

4. Pindutin nang matagal ang [+] upang i-reset (magagawa lamang ito kapag nakatigil ang pangrekord).

Pagkakaiba sa taas sa log: ipinapakita ang pagkakaiba ng nasukat na altitude sa pagitan ng punto ng pagsisimula ng log at punto ng pagtatapos ng log sa pamamagitan ng mga sumusunod na icon:


Sa mga karagdagang view:

- ▲ ay idini-display kapag mataas sa iyong altitude ang punto ng pagsisimula.
- ay idini-display kapag magkapareho ang iyong altitude sa punto ng pagsisimula.
- ▼ ay idini-display kapag mababa ang iyong altitude sa punto ng pagsisimula.
- ≡ ay idini-display kapag tiningnan mo kung gaano kang umakyat mula sa simula ng log.
- ⇓ ay idini-display kapag tiningnan mo kung gaano ang ibinaba mo mula sa simula ng log.


Inirerekord ang mga punto ng altitude ayon sa pagitan ng pagrerekord na pinili mo (tingnan ang *9.3 Pagpili ng pagitan ng pagrerekord*).

Upang palitan ang bilis ng pagrerekord:

1. Sa **MENU**, piliin ang **MEMORY**.
2. Piliin ang **REC INTERVAL**.
3. Baguhin ang rate ng pagrerekord gamit ang [+] at [- Light].

 **PAALALA:** *Ipinapakita ang isang pagtatantya kung gaano katagal ka maaaring magrekord sa gawing ibabang bahagi ng display kapag nag-browse ka sa pagitan ng mga bilis ng pagrerekord. Maaaring bahagyang mag-iba-iba ang aktuwal na tagal ng pagrerekord depende sa iyong aktibidad habang nasa panahon ng pagrerekord.*

Maaari mong ma-access ang kasaysayan ng mga na-record na log, kasama ang mga detalye ng log, mula sa **LOGBOOK** sa **MENU** (tingnan ang 9.2 *Pag-tingin at pagla-lock ng mga log*).

 **TIP:** *Kapag itinigil mo ang pangrekord ng log, maaari kang pumasok sa logbook at tingnan ang iyong kasalukuyang mga narekord bago mo i-reset ang pangrekord.*

### **Possible real life situation: Pagrerekord ng altitude**

*Muli kang aakyat sa bundok. Sa pagkakataong ito gusto mong irekord kung gaano ang taas na inakyat at ibinaba mo upang maikumpara sa mga numero ng mga dating pag-hike. I-set ang iyong Suunto Essential sa profile ng **ALTIMETER** at simulan ang pangrekord ng log kapag sinimulan mo ang pag-hike. Pagkatapos ng pag-hike itigil mo ang pangrekord ng log at i-reset ito. Ngayon maikukumpara mo na ito sa iyong mga dating log.*


## 7.6 Paggamit sa profile ng barometer


Ipinapakita ng **BAROMETER** profile ang kasalukuyang air pressure sa sea level. Nakabatay ito sa ibinigay na mga reperensyang value at sa palaging sinusukat na ganap na air pressure. Ipinapakita nang naka-graphic ang mga pagbabago sa air pressure sa sea level sa gitna ng display. Ipinapakita ng display ang nairekord sa huling 24 na oras na may pagitan ng pagrerekord na 30 minuto.

Kapag ang **BAROMETER** profile ay naka-activate, ang salitang **BARO** ay nakasalungguhit sa display.

Kapag naka-activate ang **BAROMETER** profile, maa-access mo ang mga sumusunod na view gamit ang [View]:

- Temperatura: sinusukat ang kasalukuyang temperatura
- Pangrekord ng log: nirerekord ang mga pagbabago sa altitude sa mga log
- Reperensya ng altitude: ipinapakita ang reperensyang value ng altitude
- Oras: ipinapakita ang kasalukuyang oras
- Walang laman: walang karagdagang view



 **PAALALA:** *Kung suot mo ang iyong Suunto Essential sa iyong pupulsuhan, kailangan mo itong tanggalin para makakuha ng tumpak na reading ng temperatura dahil maaapektuhan ng temperatura ng iyong katawan ang unang reading.*

Ang isang 7-araw na log ng mga pagbabago sa air pressure sa sea level ay maaaring makita sa **ALTI-BARO** memory sa **MENU** (tingnan ang *9.1 Memory ng Alti-baro*).

### **Possible real life situation: Paggamit sa BAROMETER profile**

*Nagha-hike ka pa rin at napapagod ka na. Nagpasya kang umidlip at itinayo mo ang iyong tent. Dahil mananatiling hindi nagbabago nang ilang sandali ang iyong altitude, ini-activate mo ang **BAROMETER** profile. Paggising mo, malalaman mo ang mga pagbabago sa air pressure sa sea level nang inoobserbahan ang lagay ng panahon.*

### **7.6.1 Pagrerekord sa mga log**

Kapag nagrerekord ka ng mga log sa **ALTIMETER** profile, maaari kang lumipat sa **BAROMETER** profile kapag kunwari ay nagpahinga sa panahon ng pagha-hike.

Patuloy na irekord ng pangrekord ng log ang log, ngunit hindi nito irekord ang mga pagbabago sa air pressure. Kapag in-activate ang profile ng barometer, ipinapalagay ng device na hindi ka nagbabago ng altitude, kaya hindi nito irekord ang anumang mga pagbabago sa altitude. Kaya naman, ang log ng altitude ay

magiging flat sa panahong ito. Para sa impormasyon sa paggamit sa pangrekord ng log, tingnan ang *7.5.2 Pagrerekord ng mga log*. Maaari mong simulan, itigil at i-reset ang pagsukat ng altitude habang nasa profile na **BAROMETER**.


### **Possible real life situation: Pagrerekord ng mga log sa BAROMETER profile**

*Nirerekord mo ang iyong mga pagbabago sa altitude habang nagha-hike at nagpasyang magpahinga nang mas matagal. Lilipat ka sa **BAROMETER** profile. Dahil patuloy ang pagrerekord sa altitude ngunit walang nagaganap na mga pagbabago sa altitude, pumunta ka sa view ng log ng pangrekord sa profile na **BAROMETER** at itinigil ang pagrerekord sa altitude.*

## **7.7 Paggamit sa awtomatikong profile**

Ang **AUTOMATIC** profile ay nagpapalipat-lipat sa pagitan ng **ALTIMETER** at **BAROMETER** profile ayon sa iyong mga pagkilos. Kapag naka-activate ang **AUTOMATIC** profile, lumilitaw ang [auto icon] sa gawing itaas na kaliwang bahagi ng display. Depende sa kung anong profile ang naka-activate, maa-access mo ang **ALTIMETER** o ang profile view ng **BAROMETER** gamit ang [View]. Kapag ang device ay kumikilos nang 5 metro sa altitude sa loob ng 3 minuto, ina-activate ng **ALTIMETER** profile. Kapag ang device ay kumikilos nang 5 metro sa altitude sa loob ng 12 minuto, ina-activate ng **BAROMETER** profile.




 **PAALALA:** *Hindi dapat naka-activate sa lahat ng panahon ang **AUTOMATIC** profile. Kinakailangan ng ilang aktibidad na palaging naka-activate ang **BAROMETER** profile kahit na maaaring kumikilos ka (hal. surfing). Sa ibang salita, sa ilang sitwasyon, kailangan mong manu-manong pumili ng naaakmang profile.*

## 7.8 Paggamit sa profile ng depth meter

Ginagamit mo ang **DEPTH METER** profile kapag nagso-snorkel. Ipakikita nito ang iyong kasalukuyang lalim at ang pinakamalalim na naabot mo sa panahon ng pagsisid nang naka-snorkel. Ang maximum na lalim ng device ay 32.8 ft (10m). Kapag naka-activate ang **DEPTH METER** profile, lumilitaw ang wave na icon sa gawing itaas na kaliwang bahagi ng display.

Kapag na-activate ang **DEPTH METER** profile, maa-access mo ang mga sumusunod na view gamit ang [View]:

- Pangrekord ng log: inirerekord ang iyong mga pagsisid nang naka-snorkel
- Temperatura: sinusukat ang kasalukuyang temperatura
- Oras: ipinapakita ang kasalukuyang oras




### 7.8.1 Pagre rekord sa mga log sa profile na depth meter


Halos pareho ang paggana ng pangrekord ng log sa **DEPTH METER** profile sa pangrekord ng log sa **ALTIMETER** profile, ngunit sa halip na irekord nito ang altitude, inirekord nito ang lalim ng iyong mga snorkeling dive.

Para irekord ang mga log sa **DEPTH METER** profile:

1. Sa **ALTI & BARO** mode, piliin ang view na pangrekord ng log.
2. Pasimulan, ihinto at muling simulan ito gamit ang [Start Stop]. Umpisahan ang pagsisid nang naka-snorkel.
3. Kapag lumutang ka na, i-reset sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [+].

**!** **MAG-INGAT:** *Huwag pipindot habang nasa ilalim ng tubig ang device.*

 **PAALALA:** Kailangan mong i-reset ang iyong pangrekord ng log sa **ALTIMETER** profile bago gamitin ang pangrekord ng log sa **DEPTH METER** profile. Kung hindi, mananatiling pareho ang iyong maximum na lalim at ang iyong kasalukuyang altitude sa ibabaw.

 **TIP:** Kapag naitigil mo na ang iyong pangrekord ng log, bago i-reset ito, maaari kang pumasok sa logbook at tingnan ang iyong kasalukuyang mga narekord!

## 8 PAGGAMIT SA MODE NG COMPASS

Pinapahintulutan ng mode ng **COMPASS** na i-orient ang iyong sarili kaugnay sa magnetic North. sa **COMPASS** mode, maa-access mo ang mga sumusunod na view gamit ang [View]:

- Oras: ipinapakita ang kasalukuyang oras
- Mga cardinal: ipinapakita ang kasalukuyang pupuntahan sa mga direksyon na cardinal
- ipinapakita ng bearing tracking ang direksyon sa pagitan ng pupuntahan at ng naka-set na bearing.

Kusang lilipat ang compass sa mode na pagtitipid ng power pagkatapos ng isang minuto. Muling i-activate gamit ang [Start Stop].

### 8.1 Pagkuha ng mga tamang reading

Upang matiyak ang mga tamang reading ng compass habang nasa mode na **COMPASS**. **COMPASS**


- i-calibrate nang tama ang compass kapag hinilingan (*8.1.1 Pagka-calibrate sa compass*)
- i-set ang tamang value ng deklinasyon
- panatilihing pantay ang device
- lumayo mula sa mga metal (hal. mga alahas) at magnetic field (hal. mga linya ng kuryente)


#### 8.1.1 Pagka-calibrate sa compass

Kailangang maingat na ma-calibrate ang device sa unang pagkakataon ng paggamit at kapag pinalitan ang baterya. Palagi kang aabisuhan ng device tungkol dito kapag kinakailangan nito.

Para i-calibrate ang compass:





1. Panatilihing pantay ang device, huwag itatagilid ito saan mang direksyon.
2. Dahan-dahang iikot pakanan ang device (mga 15 segundo kada ikot) hanggang sa ma-activate ang compass.

 **PAALALA:** *Kung makapansin ka ng mga pagkakaiba sa compass, maaari mong muling i-calibrate ito sa pamamagitan ng pagpapanatiling pantay dito at saka ito iikot pakanan nang dahan-dahan nang 5-10 beses habang nasa mode na compass.*

 **TIP:** *Muling i-calibrate ang compass bago ang bawat paggamit para sa pinakatumpak na posible.*

## COMPASS


**EN:** Keep level rotate  
**DE:** Horizontal halten drehen  
**FR:** maintenir a niveau tourner  
**ES:** mantener giro de nivel



### 8.1.2 Pagse-set sa sukat ng deklinasyon

Tumuturo sa true North ang mga mapang papel. Subalit, ang mga compass ay nakaturo sa magnetic north – isang rehiyon sa itaas ng

Lupa kung saan humihila ang mga magnetic field ng Lupa. Dahil wala sa parehong lokasyon ang magnetic North at true North, dapat mong i-set ang sukat ng deklinasyon sa iyong compass. Ang anggulo sa pagitan ng magnetic at true north ay ang iyong sukat ng deklinasyon.



Lumilitaw ang sukat ng deklinasyon sa karamihan ng mga mapa. Nagbabago taun-taon ang lokasyon ng magnetic North, kaya ang pinakatumpak at up-to-date na value ng deklinasyon ay maaring makuha sa internet (bilang halimbawa sa National Geophysical Data Center para sa USA)

Gayunpaman, ang mga mapang orienteering ay iginuguhit nang nauugnay sa magnetic North. Ang ibig sabihin nito ay kapag gumagamit ka ng mga orienteering map kailangan mong i-off ang pagtatama sa value ng deklinasyon sa pamamagitan ng pag-set sa value ng deklinasyon sa 0 degrees.

Upang i-set ang value ng deklinasyon:

1. Sa **MENU**, piliin ang **COMPASS**.
2. I-off ang deklinasyon o piliin ang **W** (kanluran) o **E** (silangan).

3. I-set ang value ng deklinasyon gamit ang [+] at [- Light].

## 8.2 Paggamit ng compass

Kapag nasa mode ka ng **COMPASS**, makakakita ka ng dalawang gumagalaw na segment na nasa gilid ng display. Tumuturo ang mga ito patungo sa North. Ipinapakita ng hairline sa 12 o' clock ang iyong pupuntahan at gumagana bilang isang arrow ng direksyon ng compass. Ang numerical na value ng iyong pupuntahan ay ipinapakita sa gitna ng display.

Sa mode na **COMPASS** maaari mong i-access ang mga sumusunod na view gamit ang [View]:

- Oras: ipinapakita ang kasalukuyang oras
- Mga cardinal: ipinapakita ang kasalukuyang pupuntahan sa mga direksyon na cardinal
- Bearing tracking: ipinapakita ng bearing tracking ang direksyon sa pagitan ng pupuntahan at ng naka-set na bearing

Kusang lilipat ang compass sa mode ng pagtitipid ng power pagkatapos ng isang minuto kung walang nakapindot na button. Muling i-activate ito gamit ang [Start Stop].

Maaari mong gamitin ang compass sa dalawang paraan: maaari mong gamitin ang bezel o ang bearing tracking.







### 8.2.1 Paggamit ng bearing tracking

Sa bearing tracking maaari kang mag-lock ng bearing (direksyon) at gagabayan ka ng compass ng iyong Suunto Essential kasabay nito.

Upang gamitin ang bearing tracking:

1. Ituro ang arrow ng compass sa direksyon na gusto mong labbayin at pindutin ang [Start Stop]. Naka-lock na ang bearing. Ipinapakita ang iyong kasalukuyang patutunguhan sa gitna ng display, at magbabago ito ayon sa iyong mga pagkilos.
2. Ang mga arrow na nasa ibabaw na row ng display ay itinuturo ka sa direksyon na kailangan mong sundan upang manatili sa iyong ninanais na bearing. Ang  simbolo ay isang kumpirmasyon na nakatutok ka patungo sa tamang direksyon.

 **PAALALA:** Ina-activate din ng pagpindot sa [- Light] ang backlight.

**Possible real life situation: Pagsunod sa isang pupuntahan nang nakikita**

*Nagha-hike ka at kaaakyat mo lang sa isang matarik na burol. Nang dumungaw ka sa lambak sa ibaba, nakakita ka ng isang kubo sa ibabaw ng isa pang burol. Nagpasya kang mag-hike sa kubo patawid sa lambak. Itinuro mo ang direksyon ng arrow ng compass ng iyong Suunto Essential tungo sa kubo at ni-lock ang bearing. Sa sandaling nasa lambak ka na, ipapakita sa iyo ng mga arrow na nasa ibabaw na hanay ng display kung saan ka pupunta. Dahil aktibo ang compass nang hanggang 40 segundo lang sa bawat pagkakataon upang makatipid sa itatagal ng baterya, paminsan-minsan kailangan mong muling simulan ang compass upang alamin ang iyong pupuntahan. Tumingin palagi rito at makararating ka roon.*

## 9 PAGGAMIT NG MEMORY

### 9.1 Memory ng Alti-baro

**ALTI-BARO** awtomatikong nirerekord ang mga pagbabago sa altitude o air pressure sa sea level sa nakaraang 7 araw. Iiimbak ang impormasyon depende sa kung aling profile ang active sa panahon ng pagrerekord. Iniimbak bawat 30 minuto ang mga rekord.

Upang tingnan ang mga rekord sa loob ng huling 7 araw:

1. Sa **MEMORY**, piliin ang **ALTI-BARO**.
2. Gamitin ang [+] at [- Light] upang mag-browse sa mga rekord.

**Possible real life situation: Paghula sa lagay ng panahon**

*Nagka-camping ka sa kabundukan. Gusto mong hulaan ang lagay ng panahon kinabukasan, kaya inilipat mo ang iyong Suunto Essential sa **BAROMETER** profile para sa buong gabi. Sa umaga tiningnan mo ang memory ng **ALTI-BARO** at napunang nananatiling panatag ang air pressure sa buong gabi. Sana magpapatuloy na ganoon sa buong araw.*

### 9.2 Pag-tingin at pagla-lock ng mga log

Ang mga log na narekord ng pangrekord ng log sa **ALTIMETER**, **BAROMETER** o sa **DEPTH METER** profile ay nakaiimbak sa **LOGBOOK**. Maaari kang mag-imbak nang hanggang 10 log. Palaging pinapalitan ng bagong log ang pinakalumang log sa **LOGBOOK**. Upang mag-save ng mga log, maaari mong i-lock ng mga ito. 🔒 ay

ipinapakita kapag naka-lock ang log. Maaari ka lang mag-lock ng hanggang 9 na log.

Kapag papasok sa **LOGBOOK**, ipinapakita sa iyo ang bilang ng mga naka-lock na log. Pagkatapos ay maaari mong piliin alinman sa pagtingin o pag-lock ng mga log.

Kapag tumingin ka ng mga log, ipinapakita muna sa iyo ang isang listahan ng mga matitingnan na log na kumpleto sa mga oras at petsa. Maaari kang mag-scroll at pagkatapos ay pumasok sa bawat log upang tingnan ang buod na impormasyon at mga detalye nito.

### **9.2.1 Pagtingin ng mga log**

Kapag tumitingin ng mga buod ng log, ipinapakita sa iyo ang

- Isang graph ng buod, oras ng pagrerekord at pinakamataas na punto
- Kabuuan ng pagbaba, tagal ng pagbaba, average na bilis ng pagbaba
- Kabuuan ng pag-akyat, tagal ng pag-akyat, average na bilis ng pag-akyat
- Split time ng altimeter (kabuuang tagal ng log sa simula) at mga oras ng lap (tagal mula ng huling oras ng lap)


Kapag tumitingin ng mga detalye ng log, ipinapakita sa iyo ang:


- Isang graph ng mga pagbabago sa altitude
- Oras ng pagrerekord
- Altitude/lalim sa oras ng pagrerekord

Upang tingnan ang mga log:

1. Sa **MEMORY**, piliin ang **LOGBOOK**.
2. Pumili ng log mula sa listahan.

3. Piliin ang **VIEW**.
4. Magpalipat-lipat sa pagitan ng [+] at [- Light].
5. Tingnan ang mga detalye ng log gamit ang [Mode].
6. Pabilisin at pabagalin ang pag-i-scroll at baguhin ang direksyon gamit ang [+] at [- Light]. Huminto sa [Mode].

 **PAALALA:** *Kapag ini-scroll sa graph, nasa gitna ng graph ang iyong kasalukuyang posisyon.*

 **PAALALA:** *Mga log ng altimer lamang ang may kasamang mga buod.*

### 9.2.2 Pagla-lock at pag-a-unlock ng mga log

Upang i-lock o i-unlock ang mga log:

1. Sa **MEMORY**, piliin ang **LOGBOOK**.
2. Pumili ng log mula sa listahan.
3. Piliin ang **LOCK / UNLOCK**.
4. I-lock/i-unlock ang log gamit ang [Mode]

O

Kanselahin gamit ang [View]).

## 9.3 Pagpili ng pagitan ng pagrerekord

Maaari mong piliin ang pagitan ng pagrerekord sa **REC INTERVAL** sa **MENU**.

Maaari kang pumili alinman sa limang pagitan ng pagrerekord:


- 1 segundo

- 5 segundo
- 10 segundo
- 30 segundo
- 60 segundo

Kapag nagba-browse sa mga pagitan, ipinapakita ang magagamit na oras sa pagrerekord sa gawing ibabang bahagi ng display.

Upang pumili ng pagitan ng pagrerekord:

1. Sa **MEMORY**, piliin ang **REC INTERVAL**.
2. Pagpili ng pagitan ng pagrerekord [+] at [- Light].


 **TIP:** *Ang mga madaliang aktibidad na may mabibilis na pagbabago sa altitude ay mas mainam na irekord sa mas mabilis na pagitan ng pagrerekord (hal. downhill skiing). Muli, ang mga matagalang aktibidad na may mas mababagal na pagbabago sa altitude ay mas mainam na irekord sa mas mabagal na pagitan ng pagrerekord (hal. hiking)*

## 10 PAG-IINGAT AT SUPORTA

### 10.1 Mga gabay sa paggamit

Gamitin nang may pag-iingat ang iyong Suunto Essential. Maaaring may masira kapag nabagsak ang device o hindi napang-ingatan. Ang sensitibong panloob na piyesang electronic.

Huwag subukang buksan o i-repair ang iyong Suunto Essential nang mag-isa. Kung ikaw ay dumaranas ng mga problema sa device, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na Suunto Service Center.

 **TIP:** Tandaang irehistro ang iyong produkto sa [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support) upang makakuha ng naka-personalize na suporta.

Gumamit lamang ng mga orihinal na aksesorya ng Suunto - ang pinsalang sanhi ng mga hindi orihinal na aksesorya ay hindi sagot ng warranty.

### Mga leather na strap

Suunto Essential ang mga leather strap ay gawa sa mamahalin at natural na balat. Ang pagganap at ang itatagal ng mga strap na ito ay maaaring mag-iba-iba, depende sa natural na pagkakaiba-iba sa mga materyales.

Ang paggamit ay may malaking epekto rin sa pagganap at sa itatagal ng mga leather strap, gaya lang ng mga sinturon, wallet at iba pang gamit na gawa sa leather. Maaaring maiba ng hindi


maalat na tubig, maalat na tubig at pawis ang kulay at amoy ng strap, at maaari rin nitong paiklihin ang buhay nito.


Kung balak mong lumangoy, mag-snorkel o lumahok sa mga matitinding aktibidad gamit ang iyong Suunto Essential, inirerekomenda namin ang paggamit sa synthetic strap.

## **Paglilinis**


Regular na linisin at tuyuin ang iyong Suunto Essential nang malinis na tubig at malambot na tela, lalo na pagkatapos ng matinding pagpapawis o paglangoy. Iwasang mabasa ang mga leather strap.


## **10.2 Pagpapalit ng baterya**

 **PAALALA:** *Upang mabawasan ang peligro ng sunog o pagkapaso, huwag dudurugin, bubutasin o itatapon sa apoy o tubig ang mga gamit na baterya. I-recycle o wastong itapon ang mga gamit na baterya.*

 **PAALALA:** *Kung nasira ang mga rosкас ng takip ng lalagyan ng baterya, ipadala ang iyong device sa isang awtorisadong kinatawan ng Suunto para sa serbisyo.*



 **PAALALA:** *Dapat gamitin ang orihinal na pamalit na baterya at mga kit ng strap ng Suunto kung mayroon para sa iyong produkto. Mabibili ang mga kit sa webshop ng Suunto at ilang awtorisadong dealer ng Suunto. Ang hindi paggamit sa mga kit na ito at walang ingat na pagpapalit ng baterya ay maaaring magpawalang bisa sa garantiya.*



## 10.3 Pagkuha ng suporta

Upang makakuha ng karagdagang suporta, bumisita sa [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support). Doon ay makakakita ka ng malawak na koleksyon ng mga sanggunian para sa suporta, kabilang na ang mga Question and Answers pati na rin ng mga video ng tagubilin. Maaari ka ring mag-post ng mga tanong nang direkta sa Suunto o mag-email/tumawag sa mga propesyonal sa suporta ng Suunto.

Napakarami ring how-to video sa Suunto YouTube channel sa [www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto](http://www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto).

Inirerekomenda namin ang pagpaparehistro sa iyong produkto sa [www.suunto.com/support/](http://www.suunto.com/support/) upang makuha ang pinakamahusay na naka-personalize na suporta mula sa Suunto.


Upang makakuha ng suporta mula sa Suunto:

1. Una ay bumisita muna sa [Suunto.com](http://Suunto.com) ([www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support)) upang makita kung natanong/nasagot na dati ang iyong tanong.
2. Kung hindi ka makahanap ng sagot sa iyong tanong online, subukang mag-email sa Suunto sa [support@suunto.com](mailto:support@suunto.com).
3. Tumawag sa Suunto. Tingnan ang pinakabagong listahan ng mga numero sa huling pahina ng gabay na ito o sa [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support).

Tutulungan ka ng kwalipikadong kawani sa customer support ng Suunto at, kung kinakailangan ay, i-troubleshoot ang iyong produkto sa tawag ding iyon.

# 11 MGA DETALYE

## 11.1 Mga icon



Ang mga sumusunod na icon ay makikita sa Suunto Essential:



alarma















mode na alti-baro

AUTO

awtomatikong profile



bumalik

	mahina ang baterya
	indicator na button
	button lock
	linya ng compass
	mode na compass
	profile na depth meter
	pababa/bawasan
	pasulong/tanggapin
	mabilis na paglabas
	time na mode
	pataas/dagdagan
	indicator ng lagay ng panahon

## 11.2 Teknikal na data

### Pangkalahatang

- Temperatura ng pagpapagana -20°C ... +60 °C / -4°F ... +140°F
- Temperatura ng pag-iimbak -30 °C... +60 °C / -22°F ... +140°F
- Water resistance (hindi pinapasok ng tubig): 30 m / 100 ft (ayon sa ISO 6425)
- Lens: sapphire crystal
- Bateryang napapalitan ng gumagamit na CR2032
- Itatagal ng baterya: ~ 1 taon sa normal na paggamit

### Altimeter

- Saklaw ng display: -500 m ... 9000 m / -1640 ft ... 32760 ft
- Resolution: 1 m / 3 ft

### Barometer

- Saklaw ng display: 920 ... 1080 hPa / 27.13 ... 31.85 inHg
- Resolution: 1 hPa / 0.03 inHg

### Depth meter

- Saklaw ng display ng lalim: 0 ... 10 m / 0 ... 32.8 ft
- Resolution: 0.1 m

### Thermometer

- Saklaw ng display: -20°C ... 60°C / -4°F ... 140°F
- Resolution: 1°C / 1°F

### Compass

- Resolution 1°

## 11.3 Warranty

Tinitiyak ng Suunto na sa Haba ng Warranty na aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit, o c) pagsasauli sa bayad, alinsunod sa mga patakaran at kondisyon ng Limitadong Warranty na ito. Ang Limitadong Warranty na ito ay may-bisa lamang sa bansang pinagbilhan, maliban kung iba ang hinihingi ng lokal na batas.

### Panahong Saklaw ng Warranty

Ang Limitadong Haba ng Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na pagbili. Ang Haba ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa mga Produkto maliban kung may ibang itinakda para rito.

Ang Haba ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya, kabilang ngunit hindi limitado sa mga wireless na sensor at transmitter, mga charger, cable, rechargeable na baterya, strap, bracelet at hose.

### Mga Hindi Kabilang at Limitasyon

Hindi kasama sa Limitadong Warantiyang ito ang:

1. a) normal na pagkasira gaya ng mga gasgas, pilas, o pag-iiba ng kulay at/o ng materyal ng mga strap na hindi metallic, b) mga depektong mula sa di-maingat na paggamit, o c) mga depektong mula sa taliwas na o nirerekomandang paggamit,

maling pag-iingat, pagpapabaya, at mga aksidenteng tulad ng pagkabagsak o pagkadurog;

2. mga naka-print na sanggunian at packaging;
3. mga depekto o di-umanong depektong dulot ng paggamit kasama ng ibang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi gawa o hindi galing sa Suunto;
4. mga bateryang hindi nare-recharge.

Hindi ginagarantiyahan ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o na gagana ang Produkto o aksesorya kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi maipapatupad kapag ang Produkto o aksesorya ay:

1. nabuksan nang lampas sa itinakdang paggamit;
2. nakumpuni gamit ang mga di-awtorisadong parte; binago o kinumpuni ng di-awtorisadong Service Center;
3. natanggal, binago o ginawang hindi na mababasa sa anumang paraan ang serial number, at ibabatay ito sa sa tanging pagpapasya ng Suunto; o
4. nababad sa mga kemikal kabilang ngunit hindi limitado sa sunscreen at mga panlaban sa lamok.

## **Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty**

Dapat ay magbigay ka ng katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa



[www.suunto.com/warranty](http://www.suunto.com/warranty), makipag-ugnayan sa iyong lokal na retrailer ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.

## **Limitasyon ng Pananagutan**

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang Limitadong Warranty na ito ay ang natatangi at eksklusibong remedyo at na pumapalit sa lahat ng iba pang mga warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa espesyal, incidental, pagpaparusa o mga kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol sa ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.

### **11.4 CE**

Inihahayag ng Suunto Oy na ang device na ito ay nakasusunod sa mahahalagang hinihingi at iba pang kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC.

### **11.5 Abiso ng patent**

Ang produktong ito ay protektado ng US Patent application serial number 11/152,076 at ng mga nauukol na patent o mga patent

application sa ibang mga bansa. Naka-pending ang mga karagdagang patent application.

## **11.6 Ang tatak-pangkalakal**

Suunto Essential, mga logo nito, at iba pang tatak-pangkalakal ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba.

## **11.7 Copyright**

Copyright © Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba. Ang Suunto, mga pangalang ng produktong Suunto, ang kanilang mga logo at iba pang mga tatak-pangkalakal at pangalan ng marka ng Suunto ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at ang mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy at inilalaan lamang para sa paggamit ng mga kliyente para makakuha ng kaalaman at impormasyon hinggil sa operasyon ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para sa anumang ibang dahilan at/o ipagsabi sa anumang paraan, ibunyag o kopyahin nang walang paunang nasusulat na pahintulot ng Suunto Oy. Habang ganap naming iningatang matiyak na ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay parehong komprehensibo at tumpak, walang garantiya sa katumpakan ang ipinapahayag o ipinapahiwatig. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago anumang oras nang walang abiso. Ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito ay maaaring i-download mula sa [www.suunto.com](http://www.suunto.com)

# INDEX

mga mode  
    TIME, 18  
mga reading  
    hindi tama, 28  
    tama, 27  
backlight, 16  
indicator ng lagay ng panahon,  
31  
mga hindi tamang reading, 28  
mga log  
    pagrerekord, 35  
    pagtingin ng, 52  
mga mode  
    ALTI AT BARO, 26  
mga mode  
    COMPASS, 44  
mga pangkalahatang setting  
    backlight, 16  
    mga patnubay sa tunog, 15  
    tunog ng button, 15  
    wika, 16  
Mode na ALTI AT BARO, 26  
mode na TIME, 18  
pagitan ng pagrerekord, 53  
pangkalahatang mga setting

    button lock, 17  
tagasukat ng pagkakaiba ng  
altitude, 34  
wika, 16

## A

alarma, 23  
alarma ng bagyo, 32  
awtomatikong profile, 40

## B

baterya  
    pagpapalit, 56  
bearing tracking, 49  
button lock, 17

## C

compass  
    paggamit sa, 48  
    pagka-calibrate ng, 44  
countdown timer, 22

## D

dalawahang oras, 20

## L

lap, 52

## **M**

memory, 51

pagitan ng pagrerekord, 53

pagla-lock at pag-a-unlock ng

mga log, 53

pagla-lock ng mga log, 51

pagtingin ng mga log, 51, 52

pagtingin ng mga log, 51, 52

mga icon, 60

mga log

pag-a-unlock, 53

pagla-lock, 51, 53

pagla-lock, 51, 53

pagrerekord, 39, 42

pagrerekord, 39, 42

pagtingin, 51

mga pangkalahatang setting,

14

mga patnubay sa tunog, 15

mga profile

altimeter, 33

awtomatiko, 40

barometer, 38

depth meter, 41

## **O**

oras, 19

## **P**

pag-calibrate ng compass, 44

paggamit ng mga profile

barometer, 38

altimeter, 33

awtomatiko, 40

depth meter, 41

paggamit sa mode na ALTI AT

BARO, 26

mga profile, 30

mga profile, 29

mga reperensyang value, 30

tagasukat ng pagkakaiba ng

altitude, 34

Paggamit sa mode na ALTI AT

BARO

alarma ng bagyo, 32

indicator ng lagay ng

panahon, 31

mga hindi tamang reading,

28

mga profile, 33, 38, 40, 41

mga profile, 33, 38, 40, 41

mga profile, 33, 38, 40, 41

mga profile, 33, 38, 40, 41

paggamit sa mode na COMPASS

bearing tracking, 49

Paggamit sa mode na COMPASS

mga tamang reading, 44

pagse-set ng value ng deklinasyon, 46  
paggamit sa mode na COMPASS compass, 48  
pagka-calibrate ng, 44  
paggamit sa mode na TIME, 18  
  alarma, 23  
  countdown timer, 22  
  dalawahang oras, 20  
  oras, 19  
  pagsikat at paglubog ng araw, 21  
  stopwatch, 22  
paggamit sa mode ng ALTI & BARO  
  mga tamang reading, 27  
paggamit sa mode ng COMPASS  
  mga view, 44  
paggamit sa mode ng TIME  
  petsa, 19  
pagkuha ng mga tamang reading, 44  
pagla-lock at pag-a-unlock ng mga log, 53  
pagla-lock ng mga log, 51  
paglilinis, 55  
pagpapalit

  baterya, 56  
  mga setting ng oras, 19  
  mga unit, 14  
pagpapalit  
  backlight, 16  
  button lock, 17  
  mga patnubay sa tunog, 15  
  wika, 16  
  tunog ng button, 15  
pagrerecord ng mga log, 35  
pagrerekord ng mga log, 39  
pagse-set  
  alarma, 23  
  dalawahang oras, 20  
  mga profile, 30  
  mga reperensyang value, 30  
  oras, 19  
  pagsikat at paglubog ng araw, 21  
  petsa, 19  
pagsikat at paglubog ng araw, 21  
pagtingin ng mga log, 51, 52  
pangangalaga, 55  
pangkalahatang mga setting  
  mga unit, 14  
  petsa, 19  
  profile na altimeter , 33

profile na depth meter , 41  
profile ng barometer , 38

## **S**

split, 52  
stopwatch, 22  
sukat ng deklinasyon, 46  
suporta, 59

## **T**

teknikal na data, 62  
tunog ng button, 15

